

“By This All Will Know That You Are My Disciples”

By Elder Dieter F. Uchtdorf
Of the Quorum of the Twelve Apostles

“Sa Pamamagitan Nito ay Makikilala ng Lahat ng mga Tao na Kayo ay Aking mga Alagad”

Ni Elder Dieter F. Uchtdorf
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

April 2025 general conference

Our love for God and His children is a powerful testimony to the world that this is truly the Savior's Church.

Many years ago Sister Uchtdorf and I were traveling through southern Germany. It was just before Easter, and we invited a good friend, who was not a member of the Church, to join us in our Sunday worship service. We loved this dear friend, so it was normal and natural to share with her how we felt about the Savior and His Church and to invite her to come and see! She accepted the invitation and joined us at the meetings of a nearby branch.

If you have ever brought a friend to church for the first time, you can probably relate to the way I felt that Sunday morning. I wanted everything to go perfectly. Our friend was a highly educated, spiritual person. I earnestly hoped the meetings of this branch would make a good impression on her and represent the Church well.

The branch met in some rented rooms on the second floor of a grocery store. To get there, we had to take the stairs at the back of the building, passing the strong aromas from goods stored there.

As the sacrament meeting began, I thought about my friend experiencing this for the first time, and I couldn't help but notice things that made me cringe a little. The singing, for example,

Ang pagmamahal natin sa Diyos at sa Kanyang mga anak ay isang malakas na patotoo sa sanlibutan na ito talaga ang totoong Simbahan ng Tagapagligtas.

Maraming taon na ang nakalipas, kami ni Sister Uchtdorf ay naglakbay sa katimugang Germany. Iyon ay bago ang Pasko ng Pagkabuhay, at inanyayahan namin ang isang malapit na kaibigan na hindi miyembro ng Simbahan, na sumama sa amin sa pagsamba sa araw ng Linggo. Mahal namin ang kaibigang ito, kaya normal at natural na ibahagi sa kanya ang nadarama namin tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan at anyayahan siyang pumunta at tingnan! Tinanggap niya ang paanyaya at sumama siya sa amin sa mga miting sa kalapit na branch.

Kung nakapagdala na kayo ng kaibigan sa simbahan sa unang pagkakataon, marahil ay alam na ninyo ang nadama ko noong umagang iyon ng Linggo. Gusto kong maging perpekto ang lahat. Ang aming kaibigan ay may mataas na pinag-aralan at espirituwal na tao. Taimtim akong umasa na ang mga miting sa branch na ito ay magbibigay ng magandang impresyon sa kanya at kakatawanin nang buong husay ang Simbahan.

Nagtitipon ang branch sa ilang paupahang kuwarta sa ikalawang palapag ng isang grocery store. Upang makarating doon, kinailangan naming umakyat sa hagdan sa likod ng gusali, na dinaraan ang matinding amoy ng mga produkto na nakaimbak doon.

Nang magsimula ang sacrament meeting, naisip ko na ngayon lang ito naranasan ng kaibigan ko, at hindi ko maiwasang mapansin ang mga bagay na medyo ikinahiya ko. Ang pagkan-

didn't exactly sound like the Tabernacle Choir. Restless, noisy children could be heard during the sacrament. The speakers did their best, but they were not skilled at public speaking. I sat uncomfortably through the meeting, hoping that maybe Sunday School would be better.

It wasn't.

All morning I worried about what our friend must think of this church we had taken her to.

Afterward, as we drove home, I turned to talk to our friend. I wanted to explain that this was just one small branch and it didn't really represent the Church as a whole. But before I could say a word, she spoke up.

"That was beautiful," she said.

I was speechless.

She continued, "I'm so impressed with how people treat each other in your church. They all seem to come from different backgrounds, and yet it's clear that they genuinely love each other. This is what I imagine Christ wanted His Church to be like."

Well, I quickly repented of my judgmental attitude. I had wanted picture-perfect meetings to impress my friend. But what the members of this branch had achieved was a heart-perfect spirit of love, kindness, patience, and compassion.

That Faith Might Increase in the Earth

My dear brothers and sisters, my dear friends, I love The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. It is the Savior's true and living Church, and it teaches the restored fulness of the gospel of Jesus Christ. His priesthood power and authority reside here. Jesus Christ leads this Church personally, through servants He has called and authorized, and by a living prophet, even President Russell M. Nelson. The Savior has given the Latter-day Saints a unique mission to gather God's children and prepare the world for the Savior's Second Coming. I bear my witness that all of this is true.

But it's important to remember that when

ta, halimbawa, ay hindi katunog ng Tabernacle Choir. Ang mga naiinip at maiingay na bata ay maririnig sa oras ng sakramento. Ginawa ng mga tagapagsalita ang lahat ng makakaya nila, pero hindi sila bihasa sa pagsasalita sa publiko. Hindi ako mapakali habang nasa miting, umaasang magiging mas maayos sa Sunday School.

Hindi ganoon ang nangyari.

Buong umaga akong nag-alala sa iisipin ng kaibigan namin tungkol sa simbahang ito na pinagdalhan namin sa kanya.

Kalaunan, habang pauwi kami, bumaling ako sa aming kaibigan para kausapin siya. Gusto kong ipaliwanag na ito ay maliit na branch lamang at hindi ito kumakatawan sa buong Simbahan. Pero bago ako makapagsalita, nagsalita siya.

"Napakaganda," sabi niya.

Hindi ako nakapagsalita.

Sabi pa niya, "Natutuwa ako sa pakikitungo ng mga tao sa isa't isa sa inyong simbahan. Tila magkakaiba ang pinagmulan nila, pero malinaw na totooong mahal nila ang isa't isa. Ito ang naiisip ko na nais ni Cristo sa Kanyang Simbahan."

Agad kong pinagsisihan ang ugali kong mapanghusga. Gusto kong perpekto ang mga miting para mapahanga ang kaibigan ko. Pero ang nagawa ng mga miyembro ng branch na ito ay perpektong diwa ng pagmamahal, kabaitan, pagtitiis, at habag.

Nang ang Pananampalataya ay Maragdang sa Mundo

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, mahal ko ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang totoo at buhay na Simbahan ng Tagapagligtas, at itinaturo nito ang ipinangbabalik na kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Narito ang kapangyarihan at awtoridad ng Kanyang priesthood. Si Jesucristo mismo ang namumuno sa Simbahang ito, sa pamamagitan ng mga tagapaglingkod na Kanyang tinawag at binigyan ng awtoridad, at sa pamamagitan ng isang buhay na propeta, na si Pangulong Russell M. Nelson. Binigyan ng Tagapagligtas ang mga Banal sa mga Huling Araw ng natatanging misyon na tipunin ang mga anak ng Diyos at ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Pinatotohanan ko na lahat ng ito ay totoo.

Pero mahalagang tandaan na kapag nara-

most people experience the Church of Jesus Christ for the first time, they aren't thinking about priesthood authority or ordinances or the gathering of Israel. What they're likely to notice, above all else, is how they feel when they're with us and how we treat each other.

"Love one another," Jesus said. "By this all will know that you are My disciples." Very often, a person's first testimony of Jesus Christ comes when he or she feels love among disciples of Jesus Christ.

The Savior declared that He restored His Church so "that faith ... might increase in the earth." Therefore, when people visit our Church meetings, the Savior wants them to leave with stronger faith in Him! The love our friends feel among us will lift them closer to Jesus Christ! That is our simple goal every time we gather.

Anyone who is seeking greater faith in Christ or a closer connection to Heavenly Father should feel right at home in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. Inviting them to our meetings can be as normal and as natural as inviting them into our homes.

The Ideal and the Real

Now, I realize that I'm describing the ideal. And in this mortal life, we rarely get to experience the ideal. And "until the perfect day," there will always be a gap between the ideal and the real. So, what should we do when the Church doesn't feel like the perfect day? When, for whatever reason, our ward doesn't yet nurture perfect faith or love? Or when it feels that we don't fit in?

One thing we should not do is give up on the ideal!

The title page of the Book of Mormon includes this important caution: "If there are faults," it says, "they are the mistakes of men; wherefore, condemn not the things of God."

nasan ng karamihan sa mga tao ang Simbahan ni Jesucristo sa unang pagkakataon, hindi nila iniisip ang tungkol sa awtoridad o mga ordenansa ng priesthood o ang pagtitipon ng Israel. Ang malamang na mapansin nila, higit sa lahat, ay ang nararamdaman nila nang kasama nila tayo at kung paano natin pinakikitunguhan ang isa't isa.

"Kayo'y magmahalan sa isa't isa," sabi ni Jesus. "Sa pamamagitan nito ay makikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay Aking mga alagad." Kadalasan, ang unang patotoong isang tao tungkol kay Jesucristo ay dumarating kapag nakadarama siya ng pagmamahal samga disipuloni Jesucristo.

Ipinahayag ng Tagapagligtas na ipinanimbalik Niya ang Kanyang Simbahan upang "ang pananampalataya ... ay maragdagan sa mundo." Samakatuwid, kapag bumibisita ang mga tao sa mga miting natin sa Simbahan, nais ng Tagapagligtas na lumisan sila na may mas malakas na pananampalataya sa Kanya! Ang pagmamahal na nadarama ng ating mga kaibigan kapag kasama tayo ay mas maglalapit sa kanila kay Jesucristo! Iyan ang ating simpleng mithiin sa tuwing nagtitipon tayo.

Sinuman na naghahangad ng mas malakas na pananampalataya kay Cristo o mas mapalapit sa Ama sa Langit ay dapat makaramdam ng kapanganakan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pag-anyaya sa kanila sa ating mga miting ay maaaring maging kasing normal at natural na gaya ng pag-anyaya natin sa kanila sa ating mga tahanan.

Ang Ideyal at ang Realidad

Ngayon, napagtanto ko na ang pagiging ideyal ang inilalarawan ko. At sa mortal na buhay na ito, bihira nating nararanasan ang ideyal. At "hanggang sa ganap na araw" laging magkakaroon ng puwang sa pagitan ng ideyal at ng realidad. Kaya, ano ang dapat nating gawin kapag ang Simbahan ay tilahinitulad ng perpektong araw? Kapag ang ating ward, sa anumang kadahilanan, ay hindipa rin nagkakaroon ng ganap na pananampalataya o pagmamahal? O kapag dama natin na hindi tayo kabilang?

Ang isang bagay nahindinatin dapat gawin ay ang sukuan kung ano ang ideyal!

Kasama sapahina ng pamagat ng Aklat ni Mormonang mahalagang babala na ito: "Kung may mga pagkakamali," sabi rito, "ang mga yaon ay kamalian ng mga tao; dahil dito, huwag ninyong hatulan ang mga bagay ng Diyos."

Can a book—or a church or a person—have “faults” and “mistakes” and still be the work of God?

My answer is a resounding yes!

So, while we hold ourselves to the Lord’s high standards, let’s also be patient with one another. We are each a work in progress, and we all rely on the Savior for any progress we make. That’s true for us as individuals, and it’s true for the kingdom of God on earth.

The Lord invites us not just to join His kingdom but also to be anxiously engaged in building it. God envisions a people who are “of one heart and one mind.” And to be of one heart, we must seek pure hearts, and that requires a mighty change of heart.

But that doesn’t mean changing my heart to align with yours. Nor does it mean changing your heart to align with mine. It means that we all change our hearts to align with the Savior.

If we are not there yet, remember: with the Lord’s help, nothing is impossible.

Fit and Belonging

And if you ever feel like you don’t quite fit in, please know that you are not alone. Haven’t we all been in life situations when we felt like the stranger in the room? I have experienced this more than once. When I was 11 years old, my family was forced to leave our home and move to an unfamiliar region. Everything was different from what I was used to. And my accent made it clear to the other children that I was different from what they were used to. At a time when I desperately needed friendship and belonging, I felt lonely and displaced.

Here on earth, most of the differences we notice—the differences some of us use to categorize each other—have to do with earthly things: physical appearance, nationality, language, clothing, customs, and so on. But “God does not view things the way people do. People look on the outward appearance, but the Lord looks at the heart.”

From His perspective, there is one category

Maaari bang magkaroon ang isang aklat—o simbahan o tao—ng mga “kapintasan” at “kama-lan” at maging gawain pa rin ng Diyos?

Ang sagot ko ay isang matunog na oo!

Kaya, habang sinusunod natin ang mataas na pamantayan ng Panginoon, maging mapag-pasensya rin tayo sa isa’t isa. Bawat isa sa atin ay natututo pa rin, at lahat tayo ay umaasa sa Tagapagligtas para sa anumang pag-unlad na ating nagagawa. Totoo iyan sa bawat isa sa atin, at totoo ito sa kaharian ng Diyos sa lupa.

Inaanyayahan tayo ng Panginoon na hindi langsumapisa Kanyang kaharian kundi maging sabik ding patatagin ito. Nasa isipan ng Diyos ang isang grupo ng mga tao na may “isang puso at isang isipan.” At upang maging isa ang puso, dapat nating pagsikapang magkaroon ng dalisay na puso, at nangangailangan iyan ng malaking pagbabago ng puso.

Pero hindi ibig sabihin niyan na baguhin ang aking puso para iayon sa inyong puso. Hindi rin ibig sabihin nito na baguhin ang inyong puso para iayon sa aking puso. Ibig sabihin nito ay babaguhin natin ang ating puso at iaayon ito sa Tagapagligtas.

Kung wala pa tayo roon, tandaan: sa tulong ng Panginoon, walang imposible.

Pagiging Akma at Kabilang

At kung sa pakiramdam ninyo ay hindi kayo nababagay, dapat ninyong malaman na hindi kayo nag-iisa. Hindi ba’t lahat tayo ay nakaranas na ng mga sitwasyon sa buhay na parang estranghero tayo sa silid? Maraming beses ko nang naranasan iyan. Noong 11 taong gulang ako, napilitan kaming iwan ang aming tahanan at lumipat sa isang di-pamilyar na rehiyon. Ibang-iba ang lahat ng bagay mula sa nakasanayan ko na. At dahil sa punto ng aking pagsasalita naging malinaw sa ibang bata na iba akosakanilang nakasanayan. Sa panahong kailangan ko ng kaibigan at pagtanggap, nakadama ako ng lungkot at pag-iisa.

Dito sa mundo, karamihan sa mga pagkakaiba na napapansin natin—mga pagkakaiba na ginagamit ng ilan sa atin para ibukod ang isa’t isa—ay may kinalaman sa mga bagay sa mundo: pisikal na anyo, nasyonalidad, wika, pananamit, kaugalian, at iba pa. Pero “hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao. Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso.”

Mula sa Kanyang pananaw, may isang kate-

that comes before all others: child of God. And we all fit perfectly in this one.

It's natural to want to be around people who look, talk, act, and think like we do. There is a place for that.

But in the Savior's Church, we gather all of God's children who are willing to be gathered and who seek the truth. It is not our physical appearance, our political views, our culture, or our ethnicity that brings us together. It is not our common background that unites us. It is our common objective, our love for God and love for our neighbor, our commitment to Jesus Christ and His restored gospel. We are "one in Christ."

The unity we seek is not to have everyone stand in the same place; it is to have everyone face in the same direction—toward Jesus Christ. We are one not because of where we've been but where we are striving to go, not because of who we are but who we seek to become.

That is what Christ's true Church is all about.

One Body

If you love God, if you want to know Him better by following His Son, then you belong here. If you're earnestly seeking to keep the Savior's commandments—even though you're not perfect at it yet—then you are a perfect fit for The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.

And what if you're different from people around you? That doesn't make you a misfit—it makes you a needed part of the body of Christ. All are needed in the body of Christ. The ears perceive things that the eyes never could. The feet do things that the hands would be ineffective at.

That doesn't mean your job is to change everyone to be like yourself. But it does mean that you have something important to contribute—and that you have something important to learn!

One Voice

In every session of general conference, we're

gorya na mas mahalaga sa lahat ng iba pa: anak ng Diyos. At lahat tayo ay talagang akma rito.

Natural lang na naisin nating makasama ang mga taong katulad natin ang ayos, pagsasalita, kilos, at pag-iisip. May lugar para diyan.

Pero sa Simbahan ng Tagapagligtas, tinitipon natin ang lahat ng mga anak ng Diyos na handang magtipon at naghahanap ng katotohanan. Hindi ang ating pisikal na kaanyuan, pananaw sa pulitika, ating kultura, o etnisidad ang nagbubuklod sa atin. Hindi ang magkakaparehong background natin ang dahilan kaya tayo nagkakaisa. Ang dahilan ay ang ating iisang layunin, ang ating pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa ating kapwa, ang ating katapatan kay Jesucristo at sa Kanyang ipinangbabalik na ebanghelyo. Tayo ay "iisa kay Cristo."

Ang pagkakaisang hangad natin ay hindi ang patayuin ang lahat sa iisang lugar kundi ang ito—ang lahat sa iisang direksyon—kay Jesucristo. Tayo ay nagkakaisa hindi dahil sa kung saan tayo nanggaling kundi kung saan tayo nagsisikap na makarating, hindi dahil sa kung sino tayo kundi sa kung sino ang hangad nating maging tayo.

Iyan ang layunin ng totoong Simbahan ni Cristo.

Isang Katawan

Kung mahal ninyo ang Diyos, kung nais ninyong mas makilala Siya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang Anak, kung gayon kabilang kayo rito. Kung masigasig ninyong sinisikap na sundin ang mga kautusan ng Tagapagligtas—kahit hindi pa kayo perpekto rito—kung gayon nababagay kayo sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

At paano kung naiiba kayo sa mga tao sa paligid ninyo? Hindi ibig sabihin niyan na hindi na kayo kabilang—kayo ay kinakailangang bahagi ng katawan ni Cristo. Lahat ay kailangan sa katawan ni Cristo. Nahihiwatigan ng mga tainga ang mga bagay na hindi mahihiwatigan ng mga mata. Nagagawa ng mga paa ang mga bagay na hindi mahusay na magagawa ng mga kamay.

Hindi nangangahulugan iyan na ang trabaho ninyo ay baguhin ang lahat ng tao para maging katulad ninyo. Pero ang ibig sabihin nito ay may mahalaga kayong maiaambag—at may mahalagang bagay kayo na dapat matutuhan!

Isang Tinig

Sa bawat sesyon ng pangkalahatang kumpe-

blessed with inspiring music from talented choirs. As you listen, you might notice that the singers don't all sing the same notes. Sometimes one section carries the melody, sometimes another. But they all contribute to the beautiful sound, and they're completely unified. Each choir member has the same central goal: to praise God and lift our hearts to Him. Each must have his or her mind and heart fixed on the same divine purpose. And when that happens, they truly become one voice.

If you are not yet a member of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, we invite you to join us as we rejoice in the Savior's "song of redeeming love." We need you. We love you. The Church will be better with your efforts to serve the Lord and His children.

If you have already shown, through baptism, through making covenants with God, your desire to "come into the fold of God, and to be called his people," thank you for being part of this great and divine work and for helping to make the Church of Jesus Christ what the Savior wants it to be.

As I learned from my friend in Germany, our love for God and His children is a powerful testimony to the world that this is truly the Savior's Church.

May God bless us to patiently but diligently seek to live up to the ideals our Savior, Redeemer, and Master has set for us—so all will know that we are His disciples. In the sacred name of Jesus Christ, amen.

rensyang nakaririnig tayo ng mga nakasisiglang musika mula sa mahuhusay na koro. Habang nakikinig kayo, mapapansin ninyo na hindi lahat ng mang-aawit ay kumakanta ng magkakaparehong nota. Kung minsan isang bahagi ang kumakanta ng melodiya, kung minsan ay ang iba. Pero lahat sila ay nag-aambag sa magandang tunog, at sila ay ganap na nagkakaisa. Bawat miyembro ng koro ay may pangunahing layunin: ang purihin ang Diyos at itaon ang ating puso sa Kanya. Dapat nakatuon ang isip at puso ng bawat isa sa parehong banal na layunin. At kapag nangyari iyan, sila ay talagang nagiging isang tinig.

Kung hindi pa kayo miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, inaanyayahan namin kayo na sumama sa amin habang nagagalak kami sa "awit ng mapagtubos na pag-ibig" ng Tagapagligtas. Kailangan namin kayo. Mahal namin kayo. Ang Simbahan ay lalo pang uunlad sa inyong pagsisikap na maglingkod sa Panginoon at sa Kanyang mga anak.

Kung naipakita na ninyo, sa binyag, at pakikipagtipan sa Diyos, ang inyong hangaring "lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao," salamat sa pagiging bahagi ninyo sa dakila at banal na gawaing ito at sa pagtulong sa Simbahan ni Jesucristo ayon sa nais ng Tagapagligtas.

Tulad ng natutuhan ko sa kaibigan ko sa Germany, ang pagmamahal natin sa Diyos at sa Kanyang mga anak ay malakas na patotoo sa sanlibutan na ito ang talagang totoong Simbahan ng Tagapagligtas.

Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos na maging matiyaga ngunit masigasig na sundin ang mga pamantayan na ibinigay sa atin ng ating Tagapagligtas, Manunubos, at Panginoon—upang malaman ng lahat na tayo ay Kanyang mga disipulo. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen.